Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG NOBYEMBRE 19, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ......... | PANG. PUNONG BAYAN |
| | | Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ......... | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ......... | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | ......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ......... | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ramon D. Tan | ......... | Kagawad – nasa lakad opisyal |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ......... | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ......... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 158-T'07**

**KAPASIYAHANG KINIKILALA ANG MANALAG MULTI-PURPOSE COOPERATIVE BILANG ISANG SAMAHAN, AYON SA PAGSUNOD SA KAUTUSANG BAYAN BLG. 5-T'92.**

**SAPAGKA'T**, ayon sa Kautusang Bayan Blg. 5-T'92, lahat ng mga samahang sibiko o samahang di-konektado sa pamahalaan (NGO's) ay kinakailangang i-accredit o kilalanin ng pamahalaang bayan;

**SAPAGKA'T**, may kahilingan ang Manalag Multi - Purpose Cooperative na kilalanin ito bilang isang samahan ayon sa pagsunod sa nasabing kautusan;

**SAPAGKA'T**, matapos na masuri at makita ang pagtugon ng nasabing samahan sa mga kailangan o "requirements" para sa pagkilala ng isang samahan ay iminungkahi ng Lupon sa Batas ng Sangguniang Bayan na irekomenda ang pagkilala sa nabanggit na samahan;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Jun M. Asinas at Alden A. Sulit at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG** : Kilalanin ang Manalag Multi – Purpose Coooperative bilang isang samahan, ayon sa pagsunod sa Kautusang Bayan Blg. 5-T92.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Manananggol at Manalag Multi-Purpose Cooperative, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

Alan T. Pamatmat
**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan

Nov 29/07